# Alameda County Responsibility to Community Health (ARCH, Responsibilidad sa Kalusugan ng Komunidad) Mga Madalas Itanong

1. **Sino ang tinutulungan ng programa?**
   Tinutulungan ng programa ang mga indibidwal na:
   - Nasa edad na 18 taon o pataas
   - Residente ng County ng Alameda ng hindi bababa sa 6 na buwan
   - Nasuriang positibo sa COVID-19 noong 8/24/2020
   - Ini-refer ng mga yunit Case Investigation/Contact Tracing (CI/CT, Pag-iimbestiga ng Kaso/Pagsubaybay sa Nilapitang may Sakit), mga itinalagang katuwang na nakabase sa komunidad, o Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda.

2. **Mayroon bang linya ng telepono o website para mag-apply para sa stipend (natatanggap na pantustos)?**
   Ang aplikasyon sa ARCH at proseso ng referral para sa mga adultong positibo sa COVID-19 na tumutugon sa lahat ng iniaatas ng programa sa pagiging karapat-dapat ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng ating mga itinalagang katuwang sa komunidad at mga Yunit ng CI/CT ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda. Walang online na aplikasyon o numero ng referral para sa pangkalahatang publiko.

3. **Paano makakapag-apply ang mga tao?**
   Muli, walang "pampublikong proseso ng aplikasyon para sa programang ARCH. Kung nasuriang positibo ang isang indibidwal para sa COVID-19, noong Agosto 24, 2020, sila ay sisiyasatin para sa stipend ng ARCH na nakabatay sa mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat upang malaman kung sila ay kuwalipikado para sa programa. Isinasagawa ng mga Yunit ng CI/CY ang screening mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda o mga nakakontratang provider na nakabase sa komunidad. Kung napagpasyahan na ang isang indibidwal ay tumutugon sa lahat ng iniaatas ng programang ARCH, nakumpleto ang impormasyon sa ngalan ng indibidwal na iyon at ini-refer sa Social Services Agency (Ahensya para sa mga Serbisyong Panlipunan) para sa stipend ng ARCH.

4. **Paano magsisimula ang programa?**
   Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda at ang mga Yunit ng CI/CT ng mga nakakontratang katuwang na nakabase sa komunidad ay nagsimulang gumawa ng mga referral sa programang ARCH noong Agosto 24, 2020.

5. **Mayroon bang mga itinalagang Klinikang Pangkalusugan para makatanggap ang pagsusuri ng referral para sa stipend ng ARCH?**
   Ang mga bulnerableng residente ay maaaring magpasuri sa anumang lokasyon dahil magkahiwalay ang mga lokasyon para sa pagsusuri at screening ng ARCH. Ang sinumang nasuriang positibo para sa COVID-19 at tumutugon sa lahat ng iniaatas para sa pagiging karapat-dapat sa programang ARCH ay ire-refer sa programa ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Alameda at ang mga Yunit ng CI/CT ng mga nakakontratang katuwang na nakabase sa komunidad.

6. **Maaari ba akong maging kuwalipikado kung tumatanggap ako ng Unemployment (Pantustos dahil sa Kawalan ng Trabaho)?**
   Hindi. Ang mga kasalukuyang tumatanggap ng Unemployment Insurance Benefits (UIB, Mga Benepisyo sa Kawalan ng Trabaho) ay hindi karapat-dapat sa stipend.

7. **Kuwalipikado ba ako kung mayroon akong paid sick leave (may bayad na pagliban sa trabaho kapag may sakit) mula sa employer?**
   Hindi. Kung kuwalipikado ka para sa at tumatanggap ng anumang uri ng paid sick leave mula sa employer, hindi ka karapat-dapat sa programang ARCH.

8. **Maaapektuhan ba ng katayuang pang-imigrasyon ang pagiging karapat-dapat sa programa?**
   Hindi. Ang pagiging karapat-dapat sa programa ay hindi nakabatay sa katayuang pang-imigrasyon.

9. **Karapat-dapat ba ako sa programa kung natanggal ako sa trabaho o pansamantalang pinahinto sa trabaho, ngunit hindi nasuriang positibo sa COVID-19?**
   Hindi. Ang pagiging karapat-dapat sa programang ARCH ay batay sa positibong pagsusuri ng COVID-19 bukod sa mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat sa itaas.

10. **Retroaktibo ba ang stipend?**
    Hindi. Hindi retroaktibo ang mga stipend. The epektibong petsa ng pagiging karapat-dapat sa programa ay Agosto 24, 2020.

Alameda County Social Services Agency

# Alameda County Responsibility to Community Health (ARCH)
# Mga Madalas Itanong

11. **Gaano katagal akong tatanggap ng stipend?**
Makukuha ang mga stipend ng mga karapat-dapat na indibidwal na positibo sa COVID-19, na tumutugon sa lahat ng pamantayan sa pagiging karapat-dapat, nang isang beses.

12. **Paano ko matatanggap ang stipend?**
Ibibigay ang mga stipend sa pamamagitan ng Visa cash card.

13. **Maaari ko bang makuha ang stipend sa ibang paraan (tseke, wire transfer)?**
Sa pagkakataong ito, ibibigay lamang ang mga stipend sa pamamagitan ng Visa cash card.

14. **Kung may sakit pa rin ako pagkatapos ng 2 linggo, maaari ba akong makatanggap ng pangalawang kabayarang stipend?**
Hindi. Ang programang stipend ay pandalawang-linggo lamang. Hindi isasaalang-alang ang mga ekstensyon.

15. **Hinihintay ko ang resulta ng aking pagsusuri. Sinabi nila sa akin na hindi ako dapat pumasok hanggang sa makuha ko ang resulta ng aking pagsusuri. Karapat-dapat ba ako sa stipend?**
Hindi. May bisa ang pagiging karapat-dapat sa oras na matanggap ng indibidwal ang positibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19 at nakipag-ugnay sa kanya ang tauhan ng Yunit ng CI/CT.

16. **Nabubuwisang kita ba ang stipend?**
Hindi. Hindi nabubuwisang kita ang stipend.

17. **Ibabahagi ba ang aking impormasyon sa anumang iba pang ahensya ng pamahalaan?**
Hindi. Ang lahat ng impormasyong ipinagkaloob upang mapagpasyahan ang pagiging karapat-dapat sa programang ARCH ay kumpidensyal at hindi ibabahagi sa anumang mga tagalabas na entidad bukod sa mga tinukoy na nakikibahaging ahensya ng County at mga katuwang sa komunidad sa pagkakataong ito.

18. **Kailangan bang may trabaho ako upang makatanggap ng stipend?**
Hindi. Ang trabaho ay hindi iniaatas sa pagiging karapat-dapat sa programa; ngunit, ang lahat ng karapat-dapat na adultong miyembro ng sambahayan ay dapat masuriang positibo sa COVID-19 at matugunan ang lahat ng pamantayan sa pagiging karapat-dapat ng programa.

19. **Wala akong tirahan at nasuriang positibo sa COVID-19. Paano ako makakatanggap ng stipend?**
Ang mga karapat-dapat na aplikante ng ARCH na walang tirahan ay inaatasang ibukod ang sarili ng hindi bababa sa 10 araw, sa isang Project Roomkey hotel, sa Comfort Inn o Quality Inn bago sila maging karapat-dapat na tumanggap ng stipend.

20. **Kung wala akong tirahan at ibinukod ko ang aking sarili sa isang hotel na bukod sa Comfort Inn o Quality Inn, magiging karapat-dapat ba ako sa stipend?**
Hindi. Sa pagkakataong ito, ang pagbubukod sa sarili ay limitado sa Comfort Inn o Quality Inn.

21. **Kukumpletuhin ba ng provider ng Yunit ng Case Investigation/Contact Tracing (CI/CT) ang mga aplikasyon para sa bawat adulto sa sambahayan?**
Oo. Ang mga Resource Navigator (Tagagalugad ng Mapagkukunan) mula sa katuwang sa komunidad na mga Yunit ng CI/CT ay kukumpletuhin ang aplikasyong ARCH sa bawat adultong nagpositibo sa COVID-19 (gaya ng nakumpirma sa pagsusuri sa laboratoryo) na nakatira sa bahay upang mapagpasyahan ang pagiging karapat-dapat sa programa.

22. **Kung mahigit sa isang pamilya ang naninirahan sa isang bahay, limitado ba ang mga ito sa isang stipend?**
Hindi. Kung maraming adultong nakatira sa isang bahay ay nasuriang positibo para sa COVID-19, kakailanganin ng bawat adultong positibo sa COVID na magsumite ng aplikasyon para sa programang ARCH. Ang pagiging karapat-dapat sa programang ARCH ay pagpapasyahan depende sa kaso.

23. **Salik ba sa pagiging karapat-dapat ang pagiging kasal?**
Hindi.

24. **Kasama ko sa tirahan ang iba pang mga adultong positibo sa COVID-19. Dapat ba silang isama sa aking aplikasyon sa ARCH?**
Hindi. Ito ay magiging paglabag sa Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA, Batas sa Pagkakaroon ng Segurong Pangkalusugan at Pananagutan).

Alameda County Social Services Agency